Silid-Aklatan pang Publiko ng San Francisco

Isang Mensahe mula sa Librarian ng Lungsod: Muling Pagbubukas ng SFPL



Ika-19 ng Hunyo 2020

Minamahal na mga Suki ng Aklatan,

Marami sa inyo ang nagtatanong tungkol sa kasalukuyang pagsasara ng ating mga aklatan dahil sa COVID-19 at gusto kong magbigay sa inyo ng mga pinakabagong kaalaman.

Sa ngayon, sinusunod namin ang pinakabagong patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco na bumuo ng mga protokol na pangkaligtasan para sa mga serbisyo ng aklatan nang walang kontak, sa malapit na hinaharap, na magbibigay proteksyon sa mga suki ng aklatan at sa aming mga tauhan. Nagsisikap din kami na makabuo ng isang maingat at unti-unting pamamaraan na sa huli ay magbabalik sa amin sa ganap na pagseserbisyo ng aklatan sa tamang panahon. Ipapabatid namin sa inyong lahat sa sandaling mayroon na kaming aprubadong petsa para sa pagbabalik ng mga serbisyo ng aklatan.

Pansamantala, ipinagmamalaki namin na ang aming mga tauhan ay nakapag-aambag sa mga gawaing pang-emerhensiya ng Lungsod na mapakain at mabigyan ng tirahan ang ating mga pinakakaawa-awang mga residente, habang sumusuporta rin sa contact tracing (pagtunton sa mga taong nakasalamuha ang mga nag positibo sa virus) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.

Mataimtim akong humihingi ng paumanhin dahil sa matagal naming pagsasara. Nasasabik na ang aming mga tauhan na muling bumalik sa trabaho upang magbigay sa inyo at sa ating komunidad ng mga serbisyo ng aklatan. Umaasa ako na muling makapagbubukas ang Pangunahing Aklatan (Main Library) at ilan sa ating mga kalapit na sangay sa mga susunod na linggo para sa aming front door na serbisyo, ang *SFPL To Go*, na magpapahintulot sa aming mga suki na magpareserba ng mga bagay at kunin ang mga ito nang ligtas.

Pansamantala, gusto kong ipabatid sa inyo na pinahaba namin ang takdang petsa ng pag-soli para sa mga bagay na inyong hiniram hanggang sa ika-30 ng Setyembre 2020. Pinahaba din ang takdang petsa para sa mga bagay na Interlibrary Loans at Link+ sa petsang nabanggit. Lahat ng klase ng tarheta ng aklatan, kabilang na ang mga pansamantalang eCard ay hindi magtatapos bago sa ika-30 ng Setyembre 2020. Wala ring ipapataw na multa ang SFPL, ibig sabihin hindi kayo kailanman magkakaroon ng multa kung lumampas sa taning para sa anumang mga bagay na inyong hiniram.

Sa panahon ng pagsasara ng aklatan, maaari pa rin ninyong matawagan ang aming mga reference librarian sa telepono: (415) 557-4400, sa koreo: San Francisco Public Library, 100 Larkin Street, San Francisco, CA 94102, Attn: Reference Services, at sa email: info@sfpl.org.

Nais naming ipaalam na katulad ninyo, ang aming mga tauhan ay hindi na rin makapaghintay na makabalik sa aklatan. Salamat sa inyong pagtitiyaga at pang-unawa, at sa inyong matapat na pagtangkilik sa San Francisco Public Library.

Taos-pusong nagpapasalamat,

Michael Lambert

Michael Lambert
Librarian ng Lungsod